# KALATAS

*Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan*

*TOMO 41 BILANG 9* *BASAHIN AT TALAKAYIN* *SETYEMBRE 2021*


*EDITORYAL*

## Labanan ang diktadura, isulong ang tunay na demokrasya

Ipinaghahambog ni Duterte ang kanyang kamay na bakal at estilong sanggano. Kinopya niya at pinasidhi pa ang mga kahayupang ginawa ng diktador na si Ferdinand Marcos na kauna-unahang nagdeklara ng Batas Militar sa bansa, 49 taon nang nakalipas. Walang puknat ang pasistang pang-aatake ngunit hindi nito nagawang igupo ang pambansa demokratikong pakikibaka. Sa halip, ginatungan nito ang panawagang *Never Again!* sa diktadura at itinutulak pasulong ang pakikibaka ng mamamayan para sa tunay na demokrasya.

Lalong umiinit ang pakikibakang bayan sa nagbabadyang pagtatayo ng diktadura na ipinahihiwatig ng mga pakanang *term extension* ni Duterte at tangkang pagbabalik sa kapangyarihan ng mga Marcos. Bahagi ng planong ito ang pagrerebisa ng kasaysayan upang pagmukhaing "gintuang mga taon" ang malagim na panahon ng diktadura. Pukpukan ang paglaban ng mga progresibo at makabayan sa mga kasinungalingang ipinapakalat hinggil sa Martial Law, tulad ng pagmamalaki ng mga Marcos na pinasigla ng diktadura ang ekonomya. Ang totoo, bumagsak ang Pilipinas sa pang-11 posisyon sa mga ekonomya sa Asya noong 1986.

Hindi nagkakalayo ang sitwasyon ng bansa ngayon at ng panahong unang ipinataw ang Martial Law ni Marcos. Ipinataw ni Marcos ang Batas Militar upang supilin ang nag-aalab na pakikibakang ibinunsod ng krisis ng naghaharing sistema. Napakataas ng presyo ng mga bilihin habang barat ang sahod. Namamatay ang mga lokal na industriya dahil sa mga neoliberal na kasunduan. Inaagawan ng lupa ang mga magsasaka habang nagpapakasasa ang mga kroni ni Marcos at mga dayuhan sa yaman ng bansa.

Nahaharap si Duterte sa parehong galit ng bayan kaya't gaya ng idolo niyang diktador, sumandig siya sa dahas ng estado at maagang inilatag ang di deklaradong Batas Militar sa bansa. Iniluklok niya ang mga retiradong opisyal ng AFP-PNP sa sibilyang burukrasya at binusog ang mga heneral sa suhol at pabuya. Ginawang karaniwan ang



# KALATAS

*Setyembre 2021*
*TOMO 41 BILANG 9*


NILALAMAN


1 *Labanan ang diktadura, isulong ang tunay na demokrasya*

4 *Utang sa bayan: Patuloy na pagkakait ng pondong coco levy*

5 *Balita: Perwisyo Caravan ng 201st Brigade*

6 *Ang modular learning sa mata ng mga mag-aaral sa Palawan*

7 *Kilos Protesta: Mga manggagawa ng Wyeth Philippines laban sa NTF-ELCAC*

8 *Tugon ni PdG: Bakit dapat suportahan ang imbestigasyon ng ICC sa mga krimen ng rehimeng Duterte?*

10 *Kilos Protesta: Sa ika-49 taong paggunita sa Martial Law*

11 *Bantay Karapatan: Pang-aatake sa mga magsasaka ng Quezon*

12 *Kultura: NPA ako, na-COVID ako!!*

14 *Kultura: Matatagumpay na pakikibakang manggagawa sa panahon ng Martial Law*



*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com


pamamaslang at tinakot ang mamamayan na tanggapin ang kultura ng impyunidad sa pamamagitan ng gera kontra-iligal na droga.

Pinili ni Duterte ang militaristang solusyon sa ugat ng armadong tunggalian kaya't arbitraryong tinapos ang negosasyong pangkapayapaan sa NDFP at ipinatupad ang mabagsik na kontra-rebolusyonaryong gera. Pagputok ng pandemya, naging sandata ang *lockdown*, kwarantina at mga restriksyon sa tabing ng pagpapatupad ng mga *health protocol* upang supilin ang mga demokratikong pakikibaka at protestang bayan. Naging talamak ang maramihan at marahas na pang-aaresto sa mga "pasaway" sa *health protocol.* Palasak na ginagamit ang "paglabag sa *protocol*" upang idispers ang mga protesta, piket ng mga manggagawa at iba pang pagkilos.

Itinaon sa panahon ng mga restriksyon ang pagsasabatas sa Anti-Terror Law na pangunahing kasangkapan sa pagsikil sa pag-ehersisyo ng mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Tinuntungan nito ang huwad na gera kontra terorismo upang pagkaitan ng demokratikong karapatan ang mamamayan. Sa ngalan ng pagpuksa sa terorismo, kahit pagpapahayag ng hinaing sa *social media* ay maaari nang usigin ng estado.

Sa kanayunan, nananalasa ang Batas Militar sa tabing ng gera kontra-terorismo at paglaban sa pandemya sa pamamagitan ng mga *focused military operations* at *retooled community support program operations*. Kinokontrol ng mga sundalo ang populasyon sukdulang ipagbawal ang paghahanapbuhay. Talamak ang pagpapasuko at panlilinlang lalo sa mga pinagsususpetsahang base ng rebolusyonaryong kilusan. Naging kalakaran ang pambobomba mula sa himpapawid at istraping na walang pakundangang pumipinsala sa mga komunidad.

Buung-buong nalantad ang AFP-PNP bilang mga terorista sa ilalim ng *de facto* Martial Law. Sila ang tagapaslang sa mga magsasaka, katutubo, *human rights worker,* abugado pati mga retiradong *consultant* ng NDFP. Sila ang salarin sa singkronisadong asasinasyon sa siyam na aktibista noong Bloody Sunday at pitong masaker sa iba't ibang dako ng bansa noong 2020 kabilang ang pamamaslang sa Baras, Rizal.

Sa ganitong klima ng karahasan hinigitan ng rehimeng Duterte ang rekord ng 14 taon ng Batas Militar ni Marcos. Sa ilalim ng unang diktadura, may 3,257 kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pero sa kulang apat na taon ni Duterte ay aabot sa 30,000 ang pinatay ng mga pwersa ng estado.

Sa nalalabing mga buwan sa poder, tiyak na magiging mas mabangis ang rehimeng Duterte. Senyales nito ang pagtitibay sa Visiting Forces Agreement at pagpupwesto sa sagadsaring anti-komunistang si Antonio Parlade sa National Security Council. Ipinasok din sa Office of the President si Debold Sinas na bantog sa mga brutal na operasyong SEMPO ng PNP sa Negros.

Ang matinding karahasan na iwinawasiwas ng rehimeng Duterte ay palatandaang nayayanig ito ng lumalakas at lumalawak na anti-pasistang hanay. Desperado itong hadlangan ang mga protesta sa lansangan at tuluy-tuloy na pag-oorganisa sa mga komunidad at pagawaan. Pinipigilan nito ang pagtitipon ng mamamayan sa pangambang maulit ang *people power* na nagpatalsik sa kanyang idolong si Marcos. Naninikluhod ito sa imperyalismong US para sa ayudang militar na magagamit sa pangwawasak sa mga kalaban nito laluna sa PKP-BHB-NDFP na hindi natitinag sa pagsusulong ng armadong pakikibaka.

Ngunit sa nagdaang limang taon, napatunayang mas makapangyarihan ang mamamayan kaysa lantay na lakas militar. Nananatiling nakatindig ang paglaban ng mga magsasaka, manggagawa at iba pang sektor. Umiigting ang damdaming mapanghimagsik laluna sa panahon ng grabeng kahirapan bunsod ng pandemya. Mariing sinisingil si Duterte sa pagnanakaw nito sa pondo ng bayan. Maging ang internasyunal na komunidad ay sukang-suka na sa tigmak-sa-dugong kamay ng rehimen. Ekspresyon nito ang umuusad na paunang imbestigasyon ng International Criminal Court sa malawakang pamamaslang ng estado mula 2016-2019.

Ang pakikipagkutsaba ni Duterte sa mga Marcos ay dagdag na gatong sa galit ng bayan. Lumalakas at lumalawak ang kilusang anti-diktadura laluna ngayong malinaw nang tatakbo ni Bongbong Marcos sa pagkapangulo sa 2022. Ibinabandera ng mga demokratikong pwersa ang katotohanan hinggil sa batas militar, upang sa huli, manaig ang hatol kay Marcos bilang kahanay ng pinakamasasahol na tirano sa kasaysayan ng daigdig. Ito rin ang sasapitin ni Duterte na sumusunod sa yapak ng kinamumuhiang anti-demokratiko at pasistang diktador.

Upang gapiin ang tambalang Duterte-Marcos at biguin ang diktaduryang ambisyon nila, nagsisikhay ang rebolusyonaryong kilusan na magmulat, mag-organisa at magpakilos ng mas maraming bilang ng mamamayan sa anti-pasistang pakikibaka. Nakatudla ang mga demokratikong pwersa na padagundungin ang mga protesta sa buong bayan. Sa kanayunan, ilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang paparaming taktikal na opensiba na bibigwas sa AFP-PNP habang pinasisikad ang mga pakikibakang magsasaka para sa lupa't kabuhayan. Hindi mapipigilan ng mapaniil na diktadura ang pagsulong ng pambansa demokratikong rebolusyon hanggang sa pagsilang ng tunay na demokratiko at mapayapang lipunan. K



# Mga opensibang militar ng BHB sa Rizal at Quezon, tagumpay!

Tagumpay ang mga aksyong militar ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal at Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon laban sa mga pasistang pwersang AFP-PNP at bayarang *goons* ng despotikong panginoong maylupa.

***Rizal.*** Noong Setyembre 27, nireyd ng isang yunit ng BHB Rizal ang baraks ng armadong *goons* ng mangangamkam na panginoong maylupang si Arturo Robes sa Brgy. San Isidro, Rodriguez. Sinira ng BHB ang kuta ng mga ito at ang mga kagamitang pandemolis ng bahay. Kinumpiska rin ang mga armas na panakot ng *goons* sa mga magsasaka.

Tugon ang reyd sa pagbabanta at pagpapalayas ni Robes sa 150 pamilya ng maralitang magsasaka na nakatira sa Bundok Balagbag. Ang naturang bundok ay nasa hangganan ng Rodriguez at San Jose del Monte, Bulacan. Aabot sa higit 880 ektarya ang kinakamkam dito para sa proyektong ekoturismo ni Robes.


Samantala, inambus naman ng isa pang yunit ng NAAC ang nag-ooperasyong 80th IBPA sa Sityo Ilas, Brgy. Puray ng parehong bayan noong Setyembre 30, ganap na 6:40 ng umaga. Dalawa ang naiulat na patay sa hanay ng AFP kabilang si Private First Class Warren Fold Montebon.

***Quezon.*** Mahusay na nagdepensa ang isang yunit ng AMC sa umaatakeng tropa ng 85th IBPA noong Setyembre 27, bandang alas-11 ng tanghali sa Sitio Hagakhak, Brgy. Malaya, General Luna. Dalawang sundalo ang nasawi sa 10-minutong engkwentro habang walang pinsala sa hanay ng BHB-Quezon.

Hindi kaagad binaril ng mga Pulang mandirigma ang kaaway dahil tusong pumwesto ito sa direksyong maaaring mahagip ng bala ang mga sibilyan. Tiniyak muna ng BHB na walang madadamay na sibilyan bago gumanti ng putok sa mersenaryong tropa.

Taliwas dito ang gawi ng pasistang tropa. Dahil sa galit, muling binalingan ng mga ito ang mamamayan. Matapos ang labanan, dinakip sina Reagan Avila at mag-asawang Leonina Ilag at Poli Naval na pawang nakatira malapit sa engkwentro. Dinala sila sa kampo ng sundalo para imbestigahan.

Ayon kay Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command-BHB Timog Katagalugan, "Ipinakikita ng matatagumpay na bigwas sa mga pasistang kaaway na tapat ang NPA sa panata nitong itaguyod ang interes at karapatan ng masang anakpawis." K



# Utang sa bayan: Patuloy na pagkakait ng pondong *coco levy*

Habang nanunuyo ng mga botante noong 2016, ipinangako ni Rodrigo Duterte sa mga magniniyog na ibabalik niya ang *coco levy fund* (CLF) sa kanila. Sinambit ito sa ngalan ng kanyang ina na diumano'y kasama sa milyun-milyong magsasaka na ninakawan ng diktadurang US-Marcos.

Ngunit kulang isang taon bago matapos ang kanyang termino, mistulang lista sa tubig ang kanyang salita. Hindi pa rin ibinabalik ang CLF sa mga magniniyog, bagkus ay lalo pang ipinagkakait sa bisa ng bagong batas na RA 11524 o Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act.

**Pagkamkam sa CLF**

May 3.5 milyong magniniyog sa bansa na naghihintay na pakinabangan ang CLF na iligal na kinolekta ng diktadurang US-Marcos mula 1972-1983. Kabilang dito ang 204,000 pamilyang magniniyog sa Quezon, ang probinsyang may pinakamalawak na niyugan sa buong bansa.

Napunta sa mga kroni ni Marcos na si Eduardo Cojuangco, Enrile, at Lobregat ang nalikom na P9.8 bilyon mula 1972-1983. Sila ang nagpasasa sa pondo para kontrolin ang industriya ng niyog at palawakin ang kani-kanilang negosyo.

At ngayong ilampung beses nang lumago ang CLF, nanatili pa rin ito sa kamay ng mga burgesya kumprador at reaksyunaryong estado. Inililihim ang tunay nitong halaga na pinadali ng pagkakahati-hati ng CLF sa iba't ibang *asset* tulad ng sapi sa San Miguel Corporation (SMC). Bagamat binawi ito ng rehimeng Corazon Aquino, kapal-mukhang naghabol si Cojuangco sa korte. Gumamit siya ng mga koneksyon upang kilalanin ng Korte Suprema bilang "may-ari" ng 20% ng sapi sa SMC.

Samantala, ang 27% sapi sa SMC sa ilalim ng Coconut Industry Investment Fund (CIIF) ay sinamsam ng reaksyunaryong gubyerno pati ang 7.2% sapi sa United Coco Planters Bank (UCPB).

Aabot sa P71 bilyon ang idineklarang CLF na kontrolado ng gubyerno noong 2012. Sa kasalukuyang taya ng Presidential Commission on Good Government, nasa P113.88 bilyon ang halaga ng mga *assets* ng *coco levy,* kasama ang *cash* at mga sapi sa mga kumpanya. Ang P75 bilyong *cash* ay hawak ng *national treasury*.

Makatarungang gamitin ang CLF bilang ayuda para sa mga magniniyog na biktima ng mga kalamidad, pandemya, mga peste tulad ng *cocolisap*, at bagsak-presyo ng kopra subalit walang pusong ipinagdamot ng gubyernong Duterte ang pondo. Inutil na katwiran nito, wala pang batas at sistema para maayos na pamahalaan ang CLF.

**Muling panloloko sa magniniyog**

Sa palusot na ito isinabatas ang RA 11524 o Coconut Farmers and Industry Trust Fund Act noong Pebrero 26, 2021. Nilikha nito ang isang P75-bilyong *trust fund* na imamantine ng gubyerno sa loob ng 50 taon. Gagamitin ito para sa Coconut Farmers and Industry Development Plan na ipatutupad ng isang lupon na pangungunahan ng Philippine Coconut Authority (PCA). Ayon dito, ang kwalipikadong benepisyaryo ay yaon lamang mga nagmamay-ari ng hindi lalagpas sa limang ektarya, mga tenante at manggagawang-bukid.

Ang pondo ng *trust fund* ay kukunin mula sa *cash* at *asset* na hawak ng *national treasury* at UCPB. Unti-unting ililipat ang P75 bilyon sa loob ng limang taon: tig-P10 bilyon sa unang dalawang taon, tig-P15 bilyon sa susunod na dalawang taon, at P25 bilyon sa ikalimang taon. Ipinagyayabang na may partisipasyon ang mga magsasaka sa pamamahala sa CLF sa pamamagitan ng tatlong kinatawan ng sektor, subalit mananatili sa pangulo ang kapangyarihan ng pagpili sa mga ito.

Pinalalabas na panig sa magsasaka ang RA 11524 pero walang probisyon dito para sa pagbawi sa ninakaw na CLF na pinagtutubuan ng SMC at iba pang kumpanya. May utang na loob si Duterte kay Ramon Ang, *protégé* ni Cojuangco at kasalukuyang presidente ng SMC. Nagbigay umano ito ng "di kalakihan o di kaliitan" na donasyon sa pondong pang-elektoral ni Duterte noong 2016.

Sa interes na kamkamin ang CLF at ilayo ito sa kamay ng mga magsasaka, lumikha ang rehimen ng bagong pasikot-sikot na proseso sa pagkuha ng benepisyo. Palpak ang PCA na ayusin ang National Coconut Farmers Registration System (NCFRS) na opisyal na talaan ng mga benepisyaryo ng CLF. Nagiging hadlang sa mga maralitang magsasaka ang rekisito na pagsusumite ng titulo ng lupa, *tax declaration*, CLOA o sertipiko ng pagka-tenante para magpatala sa NCFRS.



Hindi rin mapagkakatiwalaan ang pabayang PCA na ipinauubaya sa lokal na pamahalaan ang pagtatala ng mga benepisyaryo. Sa Batangas, inirereklamo ang pamimigay ng *form* ng NCFRS sa mga magsasakang may higit limang ektaryang niyugan at mga hindi lumalahok sa aktwal na produksyon.


Dagdag pa, madaling gumamit ng mga pekeng organisasyon at mababangong proyektong nakalinya sa "pagpapaunlad sa industriya ng niyog" para mapagkalooban ng pondo mula rito. Ipagpapatuloy nito ang madayang sistema kung saan pulos mga anak ng panginoong maylupa, mayayamang magsasaka at malalaking kooperatiba ang nagbebenepisyo sa CLF. Pinagnanasaan din ng mga pulitiko na gamitin ang *trust fund* sa kanilang kandidatura sa eleksyong 2022.

Ang napakong pangako ni Duterte hinggil sa CLF ay bahagi ng paulit-ulit na pagnanakaw at panloloko ng reaksyunaryong estado sa masang magsasaka. Masahol pa, dinadahas at binabansagang terorista ang mga magniniyog na naggigiit ng kanilang karapatan. Nitong Setyembre, 282 kasapi ng organisasyong nagsusulong ng pagbabalik ng CLF sa magniniyog ang ginipit at sapilitang pinasuko ng AFP. Pinaslang din si Armando Buisan ng Quezon na nagtutulak sa pagsasauli ng CLF. Tila gusto pang higitan ng rehimeng Duterte ang kalupitan ng diktadurang Marcos sa mga magsasaka.

Gayunman, determinado ang masang magsasaka na bawiin ang CLF at kamtin ang kanilang karapatan. Puspusan silang nagsusulong ng pambansa demokratikong pakikibaka hanggang malagot ang ugat ng kanilang kahirapan at kaapihan. K

*BALITA*

# 'Perwisyo Caravan' ng 201st Brigade, *superspreader* ng COVID-19 sa Quezon



Nagkakalat ng COVID-19 sa Quezon ang Serbisyo Caravan ng 201st Brigade ng Philippine Army sa pangunguna ni Brig. Gen. Norwyn Tolentino dahil sa paglabag nito sa *health protocol* na itinakda ng administrasyong Duterte kaugnay sa maramihang pagtitipon at paglabas-masok ng mga tao sa iba't ibang lugar sa panahon ng pandemya. Dahil sa galit, tinutuya ito ng mamamayan ng Quezon na 'Perwisyo Caravan'.

Noong Setyembre 24, umabot sa 173 ang nagpositibo sa bayrus mula sa 12 barangay ng Macalelon. Dahil dito, ipinatupad muli ang *lockdown* sa bayan upang kontrolin ang pagtaas ng hawahan sa lugar.

Lumaganap ang COVID-19 sa Macalelon dahil sa tuluy-tuloy na operasyong militar ng 201st Brigade. Noong Agosto 28, naglunsad ito ng Perwisyo Caravan sa Barangay San Jose, Macalelon kung saan tinipon ang humigit-kumulang 200 tao mula sa ibang lugar na naging sanhi ng pagkalat ng sakit. Bukod sa mga nahawahang sibilyan, apektado rin ang mga opisyal ng Sangguniang Barangay, LGU-Macalelon at iba pang mga dumalo.

Sa tala ng Integrated Provincial Health Office mula Agosto 28 - Setyember 21, nadagdagan ng 44 kaso ng COVID-19 sa Macalelon habang 28 dito ang aktibong kaso at 6 na ang namatay. Hindi bababa sa 100 pasyente ang araw-araw na nakapila sa lokal na ospital hanggang sa napilitang tumigil ng pagtanggap ng mga bagong kaso ang Regional Health Unit (RHU) sa naturang bayan.

Ayon kay Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon, "mula nang ideklara ang pandemya sa bansa noong Marso 2020, walang puknat ang mga operasyong militar ng sundalo at pulis na peligrosong makapagpakalat ng bayrus sa buong lalawigan. Ang iniresultang dami ng bilang ng nahawahan sa bayan ng Macalelon ay nagpapatunay na hindi *frontliners* ang mga sundalo bagkus *superspreader* ng COVID-19."

Dagdag ni del Mundo, hindi naglilingkod ang Perwisyo Caravan sa mamamayang apektado ng pandemya kundi pakana ito ng AFP at PNP upang ibida ang kanilang peke at sapilitang pagpapasuko sa tabing ng programang E-CLIP at paglalako sa BDP gamit ang pondo ng NTF-ELCAC.


Sa harap nito, mariing kinundena ng mamamayan ng Quezon ang marahas na pagpapatupad ng mga sundalo at pulis ng *health protocol* sa buong panahon ng pandemya. Iniresulta nito ang mga paglabag sa karapatang tao kagaya ng pagkaantala ng mga kabuhayan, kontrol sa malayang paggalaw at mga hindi kinakailangang pang-aaresto.

Nanawagan ang mga Quezonin na ikulong at parusahan ang mga sundalong lumalabag mismo sa mga itinakdang *health protocol*. Hinihiling nilang parusahan ang mga lumalabag sa mga itinakdang *health protocol* kabilang ang 201st Brigade at mga lokal na opisyal ng Quezon. Ipinanawagan din nila ang agarang ayudang pinansyal at bakuna sa lahat ng mamamayang naapektuhan ng kapabayaan ng rehimeng Duterte. Nararapat magkaroon ng kumpensasyon ang mga namatay at nahawahan.

Pagtatapos ni del Mundo, "kailangang pigilan ng mamamayan ng Quezon ang pagpasok ng mga militar sa kanilang lugar na nagkakalat ng COVID-19 at nagdudulot ng takot at pangamba sa kanilang pamayanan." K

# Ang *modular learning* sa mata ng mga mag-aaral sa Palawan

Naka-enrol si Anton sa isang pampublikong *high school* sa Roxas, Palawan na nagpapatupad ng *modular learning*. Ayon sa kanya, mahina ang signal sa kanilang lugar kaya naka-*modules* sila pero pangunahin niya pang problema ang mababang pagkatuto. Isa siya sa mga kabataang patuloy na nagdurusa sa palpak na programang *blended/distance learning* ng rehimeng US-Duterte sa gitna ng pandemyang COVID-19.




Sa *modular learning*, nag-aaral ang mga estudyante sa sariling pagbabasa at pagsasagot ng Contextualized Learning Activity Sheets (CLAS). Sa Palawan, binabayaran ang CLAS: P100 para sa pagpapa-print, P50 para sa pamasahe ng guro na naghahatid nito at P45 para sa feeding program ng barangay. Buwanang sinisingil ang P100 at P45 habang lingguhan naman ang P50. Lingguhan ang pamamahagi ng *modules* at kailangang may sagot na ang lumang *module* bago makakuha ng bago.

Nakapagtapos naman si Elsie ng *high school* sa *modular learning*. Tiniis ni Elsie ang pag-aaral mag-isa para hindi mapag-iwanan sa kanilang *batch*.

"Masakit sa ulo, mahirap mag-isip," ito naman ang tugon ni Baby, estudyante ng Grade 5 sa pampublikong elementarya sa Roxas, hinggil sa *modular learning*. Nahirapan siya sa pagbabasa ng *module* kaya binabasa ito para sa kanya ng kanyang ate o nanay bago sasagutan. Hirap din siyang sumulat, kaya sa ate ipinasusulat ang kanyang sagot. Aniya, kung walang tutulong sa kanya, lalo siyang mahihirapan.

Dahil hirap mag-aral, may mga barangay na gumawa ng paraan para magsama-sama at magtulungan ang mga estudyante. Subalit malayo sa sentrong baryo si Baby kaya wala siyang kaklase na nakakatulong sa pag-aaral.

Karamihan sa mga estudyanteng Palaweño ay mula sa mahihirap na pamilya. Umaasa sila sa suportang pinansyal mula sa Pantawid Pamilya Pilipino Program (4Ps) para matustusan ang mga pangangailangan sa eskwela. Nagdadagdag-kayod naman ang mga kinakapos pang pamilya. May mga pagkakataong natatambak ang modules ni Baby dahil hindi nakukuha at nababayaran. Si Elsie naman ay nag-iipon ng pera pambili ng *modules* kaya nagtatrabaho sa pagtitilad ng niyog pangkopra.

Palpak din ang *modules* na ipinamimigay ng Department of Education (DepEd) dahil may laman itong *correction keys* na pwedeng gamitin sa pandaraya. Matatagpuan sa likod ng *modules* ang *correction keys* na siyang sagot sa *activity sheets*. Patunay nina Anton at Elsie, hindi ito nakakatulong sa mga estudyante dahil lalong wala silang natututunan.

"Kayang makakuha ng *perfect score* kahit walang maintindihan mula sa paksa, kaya ngang sagutan kahit hindi basahin ang *module*," paglalantad ni Anton.

Sabi naman ni Elsie, nagsisikap siyang hindi tumingin sa *correction keys* sa likod ng modules, pero may iba siyang kaklaseng tumitingin dahil nahihirapan talaga sila. Ang iba niya namang kaklase, hindi na natapos ang *modules* kaya hindi naka-gradweyt. Bukod pang problema nina Elsie ang kawalan ng *senior high school* sa kanilang bayan kaya naobliga silang mag-enrol sa malalayong lugar.

Sa klase naman ni Baby, pinayo ng kanilang guro na kung nahihirapang sagutan ang *modules* ay 'wag nang gawin ito dahil ang guro na mismo ang sasagot dito. "Wala kaming natutunan pero may *grades*."

Sa ganitong kalagayan ng edukasyon sa bansa, iisa ang panawagan ng mga mag-aaral na tulad nina Anton, Elsie at Baby: ibalik ang *face-to-face* na klase. Ang gusto nila ay kaharap ang mga guro na aktwal na matatanungan sa nahihirapang paksa. Ang gusto nila ay mga kaklase na nakakasalamuha sa pag-aaral. Higit sa lahat, iginigiit nilang humanap ng paraan ang gubyernong Duterte na makabalik sa *face-to-face* na pag-aaral sa paraang ligtas mula sa banta ng COVID-19. K

### GASTOS SA MODULAR LEARNING SA PALAWAN

P100 sa pagpapa-print (buwanan)

\+ P50 sa pamasahe ng guro (lingguhan)

\+ P45 sa feeding program ng barangay (buwanan)

---

= P345 kada buwan o P3,450 sa isang school year




# Mga manggagawa ng Wyeth Philippines, nagprotesta laban sa pang-aatake ng NTF-ELCAC

Sa araw ng Global Day of Action for Workers' Rights noong Setyembre 15, nagprotesta ang Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU), Kilusang Mayo Uno (KMU) at iba pang unyon ng mga manggagawa sa harap ng opisina ng Department of Labor and Employment (DOLE) upang kundenahin ang serye ng mga panghaharas, sarbeylans at intimidasyon sa kanila ng mga ahente ng NTF-ELCAC. Ang WPPWU ay ang 62-taong unyon ng mga manggagawa ng Wyeth Philippines sa Cabuyao, Laguna.

Inilantad ng WPPWU ang serye ng pang-aatake ng NTF-ELCAC sa kanilang unyon. Naganap ang unang insidente ng panghaharas noong Disyembre 2020 kung saan pinuntahan ang pagawaan ng isang ahente ng NTF-ELCAC na nagpanggap bilang drayber ng Lalamove, isang kumpanyang nagde-*deliver*. Nang-imbestiga ang naturang ahente sa WPPWU kung ito ay may kaugnayan sa KMU at sinu-sino ang mga opisyal nito.

Kasunod ay ang pagbisita ng mga ahente ng NTF-ELCAC sa tahanan ng opisyal ng WPPWU noong Pebrero 16. Tinakot ang opisyal at pinilit na pakalasin ang unyon sa KMU. Bunsod ng tuluy-tuloy na presyur, nagbitiw ang opisyal sa unyon. Hinaras din ng NTF-ELCAC ang 10 opisyal at kasapi ng unyon.

Nitong Hunyo, nanghimasok ang 30 ahente ng NTF-ELCAC sa eleksyon ng WPPWU upang maagaw ang mga posisyon sa konsehong tagapagpaganap ng unyon. Ngayong buwan naman, binantaan ng NTF-ELCAC ang isang opisyal ng WPPWU na paglabag sa Anti-Terrorism Law ang pagiging kasapi ng unyon sa KMU. Binigyan ng hanggang isang buwan ang naturang opisyal para pag-isipan ang pagkalas sa KMU.

Hinaharas din ang mga unyon sa Nexperia Philippines Inc., Optodev Inc., Sun Logistics, Inc. at Clarmil Manufacturing Inc. na pawang nasa Laguna.

Sa kabila ng pang-aatake ng NTF-ELCAC, patuloy na ipinaglalaban ng WPPWU ang kanilang karapatan. Mula Marso hanggang Abril, nagsampa ng mga hinaing ang unyon sa Commission on Human Rights at sa mga pambansa at panrehiyong opisina ng DOLE.

Ayon sa WPPWU, "batayang karapatan ng mga manggagawang mag-unyon kaya patuloy kaming lalaban para igiit ang nararapat na kompensasyon sa amin lalo ngayong pandemya at ang kaligtasan namin sa loob at labas ng pabrika."

BALITA

# NDFP-ST, nagbabala sa mga imbing pakana ni Duterte sa eleksyong 2022

Nanawagan ang NDFP-ST sa mamamayang Pilipino na maging mapagbantay at labanan ang mga imbing pakana ng rehimeng Duterte na dayain ang eleksyong pampanguluhan sa 2022.

Binatikos ni Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, ang garapalang paghahanda ng pangkating Duterte para manalo sa eleksyong 2022 sa gitna ng malawakang kagutuman at kahirapan ng mamamayan sa panahon ng pandemya. Tinuligsa niya ang nakalatag na makinarya ni Duterte sa pamamagitan ng Commission on Elections (COMELEC) na dominado ng mga hinirang ni Duterte, ang *de computer* na pagbilang ng boto ng Smartmatic-TIM na may malaking puhunan si Dennis Uy, at ang pagkakaloob ng kontrata sa pagdadala at pangangalaga ng mga kagamitang pang-eleksyon kabilang ang mga balota sa F2 Logistics Cargo Movers, kumpanyang pagmamay-ari din ni Uy mula pa 2006. Si Uy ay isa sa malalapit na kroni at malaking taga-pondo ni Duterte noong eleksyong 2016.

Pinuna rin ang labis na pagtaas ng badyet ng Opisina ng Presidente, DND, DILG, NTF-ELCAC, DPWH, TESDA at iba pang ahensya na may tuwirang kinalaman sa programang "kontra-insurhensya". Nagbabala ang NDFP-ST na maaaring gamitin ang mga pondong ito para tiyakin ang panalo ng paksyon ni Duterte at ng kanilang mamanukin sa pagkapangulo.

"Kinudeta ng paksyon ni Duterte maging ang sarili niyang partido, ang PDP-Laban, upang magamit niya sa pananatili sa pwesto. Sa mga maniobrang ito, garapalan siyang nakikialam sa susunod na halalan para lamang patuloy na mangunyapit sa kapangyarihan at takasan ang kanyang mga krimen laban sa bayan. Upang makamit ito, sasagasaan niya ang lahat kahit ang demokratikong karapatan ng mamamayan sa pagboto," ani de Guia.

Pinaalala ni de Guia ang nakaraang malawakang dayaan sa eleksyong 2019 kung saan lantaran ang pagluluto ng halalan para iluklok sa Senado at Kamara ang mga kasapakat ni Duterte tulad nina Ronald "Bato" dela Rosa, Christopher "Bong" Go at marami pang iba. Hanggang sa kasalukuyan, hindi naiimbestigahan ang kaduda-dudang *brown out* habang nagbibilang ng boto at programadong bilang ng mga boto pabor sa mga manok ng administrasyon.

"Higit na pinapatunayan ng maduming reaksyunaryong halalan kung gaano kabulok ang kasalukuyang malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunang Pilipino. Kung tunay ngang malinis ang reaksyunaryong eleksyon, tiyak na hindi mananalo si Duterte at ang kanyang paksyon dahil labis silang kinasusuklaman ng bayan," dagdag ni de Guia.

**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Bakit dapat suportahan ang imbestigasyon ng ICC sa mga krimen ng rehimeng Duterte?

Wasto at nararapat lamang na suportahan ng NDFP-ST at ng malawak na masa ng sambayanang Pilipino ang naging desisyon ng Pre-Trial Chamber I (PTC-I) ng International Criminal Court (ICC) na ipailalim sa komprehensibong imbestigasyon si Presidente Rodrigo Roa Duterte ng Government of the Republic of the Philippines (GRP) at iba pang matataas na opisyal ng kaniyang gubyerno kaugnay sa kanilang mga nagawang krimen laban sa sangkatauhan tulad ng mga pagpatay, tangka at bigong pagpatay, pagpapahirap, panggagahasa, pagpapakulong at sapilitang pagkawala *(involuntary disappearance)* sa ilalim ng gera kontra-droga ng rehimen.

Ang positibong desisyon ng ICC na ipailalim sa masusing imbestigasyon si Duterte at iba pang matataas na opisyal ng kanyang gubyerno ay nagbibigay ng pag-asa na magkaroon ng hustisya lalo na sa mga pamilyang nawalan ng mahal sa buhay at mga biktimang nakaranas ng kalupitan ng pasistang rehimen sa pinatutupad nitong marahas, madugo subalit huwad na gera kontra-droga. Maituturing itong panimulang tagumpay ng sambayanang Pilipino sa paghahanap ng katarungan at pagpapanagot sa pasistang rehimeng US-Duterte sa isang bagong *arena* ng labanan — ang International Criminal Court.

Nakahanda silang lumaban gaano man katagal ang panahong gugulin sa ICC sa pag-uusig at pagpapanagot kay Duterte at iba pang opisyal na sangkot sa paggawa ng mga krimen laban sa sangkatauhan. Ang mahalaga ay nagkaroon sila ng bagong masusulingan mula sa kilala at respetadong institusyon tulad ng ICC na kumilala at tumanggap ng kanilang demanda laban kay Duterte bilang balido at may rasonableng batayan.

Tulad ng NDFP-ST, nagagalak at nagpapasalamat ang taumbayan sa PTC ng ICC dahil sa binigyan nito ng bigat sa kanilang desisyon ang mga apila at ginawang representasyon ng 204 na mga indibidwal na biktima. Kinakatawan ng 204 na mga indibidwal ang 1,050 na pamilya at 1,530 *drug war victims*. Siyamnapu't apat (94) na porsyento ang nagsumite ng kanilang pagnanais na paimbestigahan si Duterte. Mariin nilang ipinahayag sa PTC ang kanilang pagnanais ng katarungan. Alam ng malawak na masang Pilipino na inutil, hindi patas at bulok ang sistema ng batas at hustisya sa ilalim ng isang malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Umaasa at naniniwala silang sa pamamagitan ng PTC mapananagot si Duterte sa mga nagawa nitong krimen sa sangkatauhan na mahirap mangyari sa Pilipinas habang nasa kapangyarihan si Duterte.

Sa libu-libong bilang ng mga napaslang na pinaparatangang gumagamit at nagtutulak ng iligal na droga, iisa pa lamang ang kasong nagtagumpay sa korte sa Pilipinas. Ito ang kaso ng 17-taong gulang na si Kian de los Santos na napatunayan ng hukuman na pinaslang ng tatlong kagawad ng PNP-Caloocan City noong Agosto 16, 2017 batay sa mga ebidensya mula sa testimonya ng mga saksi sa krimen at sa nakuhang *CCTV footages.* Samantala, mabibilang sa daliri ang mga kaso ng pagpaslang na naisampa sa korte laban sa pinaghihinalaang mga salarin mula sa hanay ng PNP at AFP. Libong bilang ng mga napaslang ang wala man lamang ginawang imbestigasyon ang PNP.

Sa opisyal na ulat ng PNP at ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) nasa mahigit sa 7,000 ang napaslang sa kanilang diumanong "lehitimong operasyon". Subalit sa naisadokumentong kaso ng mga grupo sa karapatang pantao, nasa pagitan ng 27,000 hanggang 30,000 ang mga biktima ng *extrajudicial killings* ng mga pulis at sundalo kabilang ang isinagawa ng mga grupong *vigilante* na ang mga pulis at



militar din ang pinaniniwalaang utak at kabilang sa mga pumapatay sa mga suspek na adik at tulak ng iligal na droga.

Ang ICC ay naitayo sa pamamagitan ng Rome Statute of 2002 kung saan nasa 123 bansa ang nakapirma at patuloy na sumusuporta sa Statute. Naging *signatory* ang Pilipinas sa Rome Statute noong 2011. Marso 2018 nang artbitraryo at dali-daliang kumalas si Duterte sa Rome Statute matapos ihayag noong Pebrero 2018 ng dating *prosecutor* ng ICC na si Atty. Fatou Bensouda na magsasagawa sila ng *preliminary examination* sa nakasampang kaso sa ICC laban kay Duterte kaugnay sa mga krimen laban sa sangkatauhan. Inakala ni Duterte na sa pagkalas ng Pilipinas sa Rome Statute ay mawawalan ng hurisdiksyon ang ICC sa kanya. Subalit iginiit ni Bb. Bensouda na nananatiling may huridiksyon ang ICC kay Duterte dahil ang paratang na krimen at isinampang kaso laban sa kanya ay nangyari sa panahon na kabilang pa ang Pilipinas sa Rome Statute (November 2011 hanggang Marso 2019) bilang isa sa mga bansang lumagda nito. Dagdag pa ni Bb. Bensouda na magiging epektibo lamang ang pagkalas ng isang bansa bilang kasapi ng ICC makalipas ang isang taon mula sa araw na pormal itong nagpahayag ng pagkalas.

Maging ang Korte Suprema ng Pilipinas ay kinatigan ang pusisyon ni Bb. Bensouda at ICC dahil sa naaayon ito sa panuntunan ng Rome Statute of 2002 na lumikha ng ICC.

Napatunayan ng opisina ng dating *prosecutor* na si Bb. Bensouda matapos ang kanilang ginawang *preliminary examination* na may "rasonableng batayan para paniwalaan na nakagawa ng mga krimen laban sa sangkatauhan na maramihang pagpatay" si Duterte at iba pang matataas na opisyal ng kanyang gubyerno. Kanilang napatunayan, batay sa hawak nilang mga materyal na dokumento at testimonya, na ang tinaguriang *war on drugs* ni Duterte ay hindi masasabing mga "lehitimong pagpapatupad ng batas bagkus ay isang sistematikong pag-atake sa mga inosenteng sibilyan". Kaugnay nito, humiling sila sa PTC na bigyan sila ng otorisasyon na magsagawa ng komprehensibong imbestigasyon kaugnay sa kaso ni Duterte na mga krimen laban sa sangkatauhan.

Ayon naman sa PTC may "rasonableng batayan para tumungo sa imbestigasyon" dahil nakamit at nasunod ang mga partikular na ligal na elemento sa ilalim ng Article 7(1)(a) ng Rome Statute na nagpapatunay na nakagawa ng krimen laban sa sangkatauhan na maramihang pagpatay si Duterte sa pagitan ng Hulyo 1, 2016 at Marso 16, 2019 sa konteksto ng kanyang kampanya kontra droga bilang pangulo ng bansa at ganundin ang mga pagpatay sa erya ng Davao sa pagitan ng November 1, 2011 at June 30, 2016 noong siya pa ay Alkalde at Bise-Alkalde ng Davao City. Naniniwala ang PTC na si Duterte ang nasa likod din ng mga patayan sa erya ng Davao sa pamamagitan ng kanyang binuong Davao Death Squad (DDS).

Sa panahon ng imbestigasyon ng bagong *prosecutor* na si Atty. Karim Khan magaganap ang pagpapatawag *(summons)* sa mga sangkot sa kaso tungong paglalabas ng PTC ng *warrant of arrest* hanggang sa pagsasagawa ng paglilitis. Pinalitan ni Atty. Karim Khan ng United Kingdom bilang *prosecutor* si Bb. Fatou Bensouda na natapos ang termino bilang *prosecutor* ng ICC noong Hunyo 15, 2021.

Sa naging desisyon ng ICC, lalong nalantad at naihiwalay si Duterte sa malawak na masa ng sambayanan bilang isang kriminal at mamamatay-tao. Nalagay lalo sa kasuklam-suklam na sitwasyon at kahihiyan ang gubyernong Duterte sa mata ng internasyunal na komunidad at gubyerno na madalas din niyang batikusin ng maaanghang na pananalita bilang ganti sa mga natatanggap na kritisismo kaugnay sa mga paglabag niya sa karapatang pantao ng mamamayang Pilipino. Tiyak na maapektuhan ang relasyong panlabas at gawaing diplomatiko ng gubyernong Duterte.

Samantala, patuloy na nagmamatigas si Duterte sa kanyang pusisyon na walang hurisdiksyon ang ICC sa kanya kahit na may desisyon na rin ang Korte Suprema sa bansa na kumakatig sa pusisyon ng ICC. Matapang din niyang

---

Sinuma ng *news outlet* na Rappler ang sampung (10) rasonableng batayan ng ICC para magsagawa ng komprehensibong imbestigasyon kay Duterte sa kanyang gera kontra-droga:

**1** Ang pagpatay ay patakaran ng estado;

**2** Ang mga pagpatay sa panahon ng kampanyang gera kontra-droga ay hindi maituturing na "lehitimo o mga kalabisan lamang" na mga operasyon kontra-droga;

**3** Ang mga pagpatay ay "madalas" inuudyukan ni Duterte;

**4** May mga opisyal na dokumentong hawak ang ICC, kabilang ang mga dokumentong nagpapahiwatig na bahagi ng operasyon ang pagpatay;

**5** Maliwanag ang pagiging arbitraryo sa paggamit sa hindi mapagkakatiwalaang *drug watch list* ng gubyerno;

**6** Mahihirap na Pilipino ang naging target ng gera sa droga;

**7** May mga "pribadong" indibidwal na pumapatay bilang bahagi ng gera sa droga;

**8** Walang isinagawang makahulugang mga hakbang para imbestigahan ang mga pagpatay;

**9** Malaganap at sistematiko ang mga pagpatay sa gera kontra-droga; at,

**10** Maraming pagkakahalintulad sa pagitan ng gera sa droga na ipinatutupad sa pambansang saklaw sa mga pagpatay sa Davao City.

ipinahayag na hindi siya kailanman makikipagtulungan sa ICC at hindi niya pahihintulutang makapasok sa bansa ang mga kinatawan nito na magsasagawa ng imbestigasyon.

Gumagawa pa ng maniobra si Duterte para maikutan ang batas at makapanatili sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pagtakbo bilang bise presidente sa pag-aakalang malulusutan niya ang isasagawang imbestigasyon ng ICC at mga kasong sasalubong sa kanya mula sa taumbayan matapos ang kanyang termino bilang Presidente ng GRP sa Hunyo 30, 2022. Limpak-limpak na salapi ng bayan ang nakulimbat na ni Duterte na gagamitin sa pandaraya at pagmamanipula ng eleksyon sa Mayo 2022 upang manatili sa kapangyarihan at mailuklok ang kanyang mamanukin sa pagkapangulo na magbibigay sa kanya ng proteksyon laban sa pag-uusig ng ICC at sambayanang Pilipino. Dapat nang wakasan ang kanyang mga katiwalian at pasistang paghahari. Dapat walang Duterte o mga kapanalig ni Duterte ang muling maluluklok sa Malacañang.

Malusutan man ni Duterte ang pag-uusig ng ICC, siguradong hindi niya matatakasan ang pag-uusig ng sambayanang Pilipino at ng rebolusyonaryong kilusan. Puspusan at determinado ang NDFP-ST at mamamayan ng rehiyon sa pagsusulong ng armadong pakikibaka para pagbayarin nang mahal ang pasistang rehimeng US-Duterte sa mga nagawa niyang kasalanan at krimen sa mamamayan sa rehiyong Timog Katagalugan.

Wala nang pagsisidlan ang galit ng rebolusyonaryong kilusan at sambayanang Pilipino sa kriminal, tiraniko at teroristang si Duterte. Sa tamang panahon, sisingilin at pagbabayarin ng rebolusyonaryong kilusan si Duterte at ng kanyang mga kasapakat sa maraming utang na dugo nila sa bayan at rebolusyonaryong kilusan.

*KILOS PROTESTA*



## *Sa ika-49 taong paggunita sa Martial Law*
## Panawagan ng Timog Katagalugan: Labanan ang Diktadura!

Bilang paggunita sa ika-49 taon ng Martial Law, inilunsad ng Karapatan-Timog Katagalugan (TK) ang serye ng mga aktibidad para patampukin ang madugong kasaysayan at mga aral sa Martial Law ng diktadurang Marcos na pilit binabago ng sabawatan ng pamilyang Marcos at rehimeng Duterte.

Ayon kay Kyle Salgado, tagapagsalita ng Karapatan-TK, "Taun-taon, nagpapakana ang rehimen na baluktutin ang kasaysayan, subalit ang kolektibong alaala ng mamamayan at ang pagsusumikap ng mga kabataang muling buhayin ang mga aral sa kasaysayan ng Martial Law ang nagpapatunay sa pagnanais ng bayan na panghawakan ang ating mga tagumpay at pagpupunit sa mga kasinungalingan ng estado."

Noong Setyembre 19, naglunsad ng *online educational discussion* ang mga organisasyon. Bandang alas-4 ng hapon, nagpalabas sa UPLB ng mga pelikulang may kaugnayan sa Martial Law ang mga organisasyong Southern Tagalog Exposure, Southern Tagalog Pride, UPLB Perspective at UPLB University Student Council.

Kinabukasan, Setyembre 20, inilunsad ng Karapatan-TK ang *cultural concert* na may temang "Never Again: Kapihan at Kantahan" sa UPLB. Dinakila sa kulturang aktibidad ang daang martir ng Batas Militar sa rehiyon, kabilang ang mga *desaparecidos* na Southern Tagalog 10.

Noong Setyembre 21, araw ng paggunita ng Martial Law, nagmobilisa ng dalawang kilos protesta ang mamamayan ng Timog Katagalugan sa Calamba City, Laguna at Dasmariñas City, Cavite. Iniladlad sa mobilisasyon ang mga *poster* at *placard* na may panawagang "Labanan ang Diktadura!".

Kinundena rin ng Karapatan-TK ang nagpapatuloy na *crackdown* sa rehiyon laban sa mga lider-aktibista at kasapi ng mga progresibong organisasyon.

Ani Salgado, "Bagamat deka-dekada ang pagitan ng nangyari sa mga biktima ng Southern Tagalog 10 at ng Bloody Sunday, nakita natin kung gaano lumala ang tiraniya ng uhaw-sa-dugo at kapangyarihan na sina Marcos at Duterte. Nararanasan natin ang laganap na *red-tagging*, pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso at iligal na pang-aaresto at mga pagpaslang at masaker sa ilalim ng rehimeng Duterte. May banta maging sa karapatan natin sa malayang pamamahayag sa *online* dahil sa atake ng *trolls* at pagmamanman sa *cyberspace* ng mga pwersa ng estado."

Dagdag ni Salgado, walang pinag-iba ang kaganapan sa panahon ni Marcos at Duterte dahil patuloy na tumataas ang presyo ng mga pangunahing bilihin, lumalala at lansakan ang paglabag sa karapatang tao at talamak ang korapsyon.

Nanawagan ang Karapatan-TK na magkaisa ang mamamayan para wakasan ang tiranya, buwagin ang NTF-ELCAC at kamtin ang hustisyang panlipunan para sa mamamayan.

"Tungkulin nating ipagtanggol ang demokrasya at batayang karapatan kagaya ng mga Pilipinong nakibaka sa Martial Law ni Marcos," pagtatapos ng Karapatan-TK.

## 2 kampo militar sa Lopez, Quezon, labag sa karapatan ng mamamayan

Mariing tinututulan ng mamamayan ang mga itinayong kampo ng 85th IBPA, 59th IBPA at 201st Brigade sa Brgy. Cagacag at Ilayang Ilog A ng Lopez, Quezon.

Noong Setyembre 1, itinayo ng mga militar ang kanilang kampo sa harap ng eskwelahan ng Brgy. Cagacag. Sa Brgy. Ilayang Ilog A naman, itinayo ang kampo militar noong Setyembre 5 sa gitna ng bahayan at mga niyugan ng mga residente.

Ayon kay Cleo del Mundo, tagapagsalita ng Apolonio Mendoza Command (AMC)-BHB Quezon, "Ang pagkakampo ng mga sundalo ng 201st Brigade sa pangunguna ni Brig. Gen. Norwyn Tolentino ay malinaw na paglabag sa CARHRIHL (Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law) at mga batas ng digmaan na nagbabawal sa pagtatayo ng mga kampo-militar sa loob ng komunidad bilang pagkilala sa karapatan ng mamamayan sa mapayapang pamumuhay."

Dahil sa presensyang militar sa kanilang komunidad, binalot ng pangamba at takot ang mga residente ng Cagacag at Ilayang Ilog A. Noong Setyembre 12, pinatawag sa kampo, tinakot at sapilitang pinaaamin ng mga sundalo si Erwin Palo, isang magniniyog sa Ilayang Ilog A na dinumano'y sangkot siya sa isang labanan sa pagitan ng BHB at AFP sa Brgy. Vista Hermosa, Macalelon noong 2020.

Sa Brgy. Bocboc, dinakip ng mga sundalo si Johnny Sambahon, 67 taong gulang. Pinaparatangan siyang taga-suporta ng BHB.

Nanawagan ang AMC sa mga Quezonin na ilantad at labanan ang ginagawang paglabag sa karapatang tao ng pasistang AFP at tuluy-tuloy na makibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan, kapakanan at kabuhayan. K

## Tuluy-tuloy na sapilitang pagpapasuko sa mga magniniyog, kinundena ng CLAIM-Quezon

Mariing kinundena ng Coco Levy Fund Ibalik sa Amin (CLAIM)-Quezon ang SOLCOM at 201st Brigade sa tuloy-tuloy na karahasang militar at sapilitang pagpapasuko sa mga magniniyog at kanilang kasapian sa mga bayan ng Catanauan, Macalelon at Lopez. Sa loob lamang ng isang buwan, aabot sa 282 magsasaka mula sa limang barangay ng Lopez at CLAIM *chapter* sa Macalelon ang iprinisenta bilang mga "sumukong NPA".

Noong Agosto 31, sapilitang pinasuko ang 37 kasapi ng CLAIM sa Macalelon. Sa Lopez, tinipon ang 245 magniniyog at kasapi ng CLAIM sa mga barangay ng Rosario, Jongo, Mabini, San Francisco B at San Miguel Dao mula Setyembre 13-15 para pasukuin.

Ayon sa CLAIM-Quezon, "ginagamit ng mga militar ang walang taning na kapangyarihang iginawad sa kanila ni Duterte at sinasamantala ang takot na inihasik nito matapos na mapabilang ang aming samahan sa mga itinuturing nilang mga terorista. Ang totoo, negosyo ang layon ng mga militar at haling na haling ang mga heneral ng SOLCOM sa kikitain sa bawat ulo ng magsasaka na kanilang mapasusuko."

Nanindigan ang CLAIM-Quezon na sila'y mga sibilyan at hindi mga terorista kaya't walang dahilan para tugisin sila ng estado. K




## Mga mangingisda at magtatalaba sa Cavite, binigo ang demolisyon

Nagdiwang ang mga mangingisda at magtatalaba sa Noveleta, Kawit, Cavite City at Bacoor City dahil napigilan nila ang nakaambang demolisyon ng gubyernong Duterte sa kanilang pangisdaan sa Manila Bay. Naipagtanggol ang kabuhayan ng aabot sa 15,000 mangingisda at magtatalaba.

Ang bantang demolisyon ay bunsod ng programang rehabilitasyon sa Manila Bay ng Department of Environment and Natural Resources (DENR). Plano nitong alisin ang mga istrukturang pangisda para bigyang daan ang 420-ektaryang proyektong reklamasyon. Bahagi ito ng pekeng programa ng gubyerno para tugunan ang kakulangan sa pagkain at imodernisa ang produksyon nito sa bansa.

Ayon sa Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas (Pamalakaya), "Ang layunin ng rehabilitasyon sa Manila Bay ay dapat magsilbi sa pagbawi at muling pagsigla ng *marine resources* para sa benepisyo ng maliliit na mangingisda. Taliwas dito ang programa ng DENR na nagdudulot ng pangamba sa kabuhayan ng mga mangingisda."

Iginiit ng Pamalakaya na ang sumisira sa *marine biodiversity* ay ang mga industriyal at komersyal na pabrikang nagtatapon ng dumi sa karagatan. K



### *Kwentong pandemya ng isang Pulang mandirigma*

# NPA ako, na-COVID ako!

Paggising ko, masakit ang aking ulo at mga kasu-kasuan. Masama ang aking pakiramdam na iniinda ko mula pa kagabi.

Inisip kong dulot lang ito ng lumipas na bagyong Jolina na pinagmulan ng pagkakasakit namin sa yunit. Matagal din kaming basa at babad dahil sa lakas ng ulan na bigla namang sinundan ng napakainit na panahon kinabukasan. Inisip kong simpleng trangkaso lang ang nararamdaman ko tulad din ng nakalipas na trangkaso at ubong dinanas ng aming yunit noong nakaraang buwang nagsimula ang tag-ulan.

Sunod kong naramdaman ang tuyo at masakit na lalamunan na sinundan ng ubo.

"Tipikal naman itong mga sintomas din ng trangkaso," sambit ko sa sarili.

Nang sumunod na araw, kinabahan na ako sa aking naramdaman at sintomas.

Hindi ko malasahan ang pasalubong na bibingka sa amin ng mga kasamang nanggaling sa kabilang baryo. Huminga ako nang malalim at inisip na baka naninibago lamang ang aking panlasa dahil sa pagkakasakit.

Pero, nakailang kagat na ako ng bibingka, hindi ko pa rin talaga ito malasahan. Alam kong matamis ito, banggit din ng mga kasabay kong kumakain. Hindi ko na muna ito masyadong pinansin hanggang sa makabalik ako sa kubo.

Habang naghuhugas ng kamay, hindi ko maamoy ang sabong gamit ko. Dito na talaga ako napaisip. Wala naman akong sipon at hindi inaatake ng *allergic rhinitis.* Kahapon lamang ay amoy na amoy ko pa ang sabon noong naligo ako.

Inamoy ko pa ang ibang bagay na alam kong may matapang na amoy: *alcohol, katinko*[1], maging ang timplang kape subalit hindi ko rin maamoy.

Dito na ako natakot. Hindi pangkaraniwan itong pagkawala ng panlasa at pang-amoy. Hindi ko pa ito naranasan dati kahit sa katindihan ng pagkakasakit.

Kung tutuusin, hindi lang ako ang nakaramdam ng pagkakasakit sa aming yunit. Maging ang ibang mga kasama ay tinamaan na rin ng trangkaso, ubo, sipon at pananakit ng lalamunan. Ilang araw pa ang lilipas at ang apat pa sa amin ay may katulad ding mga sintomas at mawawalan din ng pang-amoy at panlasa.

Nagplano kami para magpa*test* sa pinakamalapit na *testing center* sa aming erya. Nagboluntaryo na ako, bilang isa sa unang nakaranas ng mga sintomas.

Hindi ko akalaing mararanasan ko ang magpa-RT-PCR[2] *test* na dati'y naririnig ko lamang sa radyo at nababasa sa mga balita. Masakit ang pagkuha/pag*swab* ng *test sample* lalo at halos madukdok na ang aking ilong at ngala-ngala. Pero tiis-ganda! Kailangan eh.

Hindi rin pangkaraniwan ang nagpapa*test* para sa COVID kahit na malapit sa kabayanan dahil hindi kaya ng masa ang mahal na presyo ng *testing*. Umaabot ito ng dalawang libo hanggang limang libo.

Walang libre at sobrang mahal kaya't gustuhin man ay hindi rin nila magawa. Lalo ngayong maliit ang kanilang kita dulot din ng pandemya. May iba ring takot magpa*test* dahil mapipilitang mag-*quarantine* kung *positive* at di makapaghanapbuhay. Hindi maaasahan ang ayuda mula sa reaksyunaryong gubyerno na sa kabila ng paulit-ulit na *lockdown* sa kanilang baryo ay miminsan lamang silang nakatanggap ng ayuda.

Pangkaraniwan na sa erya na kung may mga nagkakatrangkaso,



ubo, sipon hanggang sa nawawalan ng panlasa ay ipinagpapalagay na lamang nila itong simpleng trangkaso na lamang, ipinagpapahinga na lamang at iniinuman ng mga gamot tulad ng *paracetamol* at *bioflu*[3] at kung anumang *herbal* na gamot na alam nila. Hindi na sila nag-aabala pang pumunta sa hospital upang magpa*check-up* o magpa*test* dahil alam nilang gastos at abala lamang ito.

Naging palasak na rin ang pagsasabing "kung mamamatay sa COVID ay mamamatay" dulot na rin ng kawalang-tugon ng reaksyunaryong gubyerno dito.

Kinabukasan ay dumating na ang resulta ng RT-PCR *test* ko. Tinitigan at binasa ko nang paulit-ulit ang padalang resulta. Huminga ako nang malalim. Inaasahan ko na ito subalit parang iba pa rin sa pakiramdam ang aking natanggap na balita.

"Positibo ako sa COVID-19," aking iniulat sa mga kasama. Ipinagpalagay naming malamang na positibo rin ang mga kasama ko sa yunit na may mga katulad na sintomas.

Hindi ko akalaing magpopositibo ako sa nakamamatay na COVID-19.

Kabilang na ako sa libu-libong nagpositibo sa araw na iyon. Kabilang na ako sa *statistics*. Tiniyak kong makakabilang ako sa *statistics* ng mga nakarekober.

Halos dalawang taon na ang nararanasang pandemya ng daigdig. Binago rin ng COVID-19 ang buhay ng masa at buhay ng hukbo. Binago nito maging ang ilan sa mga tradisyon ng Pulang hukbo at mga kasama dahil sa pagpapatupad ng mga *health protocol* para makaiwas sa pagkahawa at pagkalat ng bayrus. Mula sa dating mahigpit na pakikipagkamay sa mga masa, kumakaway na lamang ang mga kasama sa mga nakakasalamuha. Lagi ring nagpapaalala sa pagsusuot ng *face mask* at ipinapatupad ang *physical distancing* kahit sa mga pulong masa at pag-aaral. Sa kabila ng pagpapatupad ng mga *health protocol,* hindi kami nakaiwas sa nakamamatay na sakit.

Marahil na galing ito sa mga nakakausap at nakakasalamuha naming mga masa sa baryo. Posibleng mula sa hangin lalo kung *delta variant* ito. Kung tutuusin, marami na kaming nabalitaan na mga nagpopositibo sa COVID-19 sa aming eryang kinikilusan. Marami din kaming balita ng mga nagkakasakit sa mga katabing baryo na nakararanas ng sintomas ng COVID. May ilan pa ngang nakakwarantina na. Ang iba nama'y nangamatay na.

Kagyat naming pinag-usapan ang aming kalagayan at gumawa ng hakbangin. Tiyak na sa yunit ay hindi lang ako ang lalabas na positibo dahil ang iba ay may sintomas na rin, ang iba nama'y ikinategorya namin bilang asymptomatic at PUI[4]. Inihiwalay namin ang mga may sintomas sa wala gayundin ang mga personal na mga kainan at kubyertos. Ipinaubaya ang pagluluto sa mga walang sintomas. Nagmonitor kami ng arawang *vital signs* tulad ng *body temperature*, *oxygen level*, *pulse rate*, *blood pressure* at *respiratory rate*. Binantayan at ginamot namin ang mga sintomas. Uminom din kami ng ilang gamot na nireseta ng mga kaibigang doktor sa siyudad.

***Malinaw sa mamamayan na kulang na kulang at kapos ang mga hakbangin ng rehimeng Duterte sa pandemya. Walang naidulot ang kanyang mga militarista at di-siyentipikong hakbangin laban sa COVID-19.***

Susi ang pagpapalakas ng katawan at resistansya para sa pagpapagaling at ito ang una naming ginawa. Uminom kami ng *massive dose* ng *vitamin C* na may *zinc* at *vitamin D3* para palakasin ang *immune system*. Kinumbina namin ang pag-inom ng mga *herbal* na gamot tulad ng lagundi, kalamansi, luya at *turmeric*[5]. Pawang mainit at maligamgam na tubig ang aming ininom. Mas marami, mas mabuti. Ilang beses sa maghapon ang *steam inhalation* at pagsuob. Pinaluwag nito ang aking pakiramdam.

Kahit na maysakit, umagapay rin kami sa mga nagkakasakit sa erya na alam naming maaaring pinagmulan ng bayrus na nakahawa sa amin o kaya'y mahawa din namin. Naglunsad kami ng talakayang medikal sa mga pookan. Inagapan namin ang *isolation* at pagpapagaling para hindi humantong sa paglala ng impeksyon kasabay ng pag-aaral. Muli naming pinag-aralan at ibinahagi ang mga babasahin hinggil sa COVID-19. Kahit may COVID, tuloy ang buhay at pakikibaka ng hukbo at masa.

Matapos ang halos 10 araw, unti-unting bumalik ang aking panlasa, ang pang-amoy at bumuti na ang aming pakiramdam. Marami kaming natutunan sa aming karanasan sa pagkakaroon ng COVID-19 na mahalaga upang higit na maintindihan ito at paano ito pakikitunguhan kasabay ng paggampan ng mga rebolusyonaryong gawain.

Mahalagang itaas ang kaalaman ng mamamayan hinggil sa nakamamatay na bayrus at mga pamamaraan upang maiwasan ito at pakilusin sila para sugpuin ito. Susi ang maagap at malawakang *testing* para sa deteksyon ng mga maysakit, kaya't dapat igiit ang libreng *mass testing.* Kung tutuusin, hindi maaasahan ang mga datos na inilalabas ng reaksyunaryong gubyerno sa mga nahahawa ng sakit dahil maraming mamamayan ang hindi nati-*test* at di naiuulat.

Kasabay nito dapat din nilang igiit ang maayos na *isolation* at pagpapagaling sa mga maysakit nang hindi naisasantabi ang kabuhayan ng mamamayan. Dapat ding itulak nila ang mas marami at mas *accessible* na pagpapabakuna para sa lahat laban sa nakamamatay na sakit.

Sa nakalipas na halos dalawang taon ng pandemya, malinaw sa mamamayan na kulang na kulang at kapos ang mga hakbangin ng rehimeng Duterte sa pandemya. Walang naidulot ang kanyang mga militarista at di-siyentipikong hakbangin laban sa COVID-19.

Imbes na patatagin at palakasin ang serbisyong pangkalusugan sa bansa, lalo lamang inilugmok ni Duterte ang mga *healthcare workers* at kabuuang sistemang pangkalusugan ng Pilipinas na iniinda ngayon ng mamamayan. Para sa mga tulad naming nagka-COVID at sa lahat ng mamamayan, higit pa sa anumang pesteng COVID ang rehimeng Duterte at dapat na papanagutin ito sa kanyang kainutilan at kriminal na kapabayaan sa sambayanang Pilipino. K

[1] *gamot na pamahid*

[2] *Reverse Transcription Polymerase Chain Reaction*

[3] *gamot sa trangkaso*

[4] *patient under investigation*

[5] *luyang dilaw*

# MATATAGUMPAY NA PAKIKIBAKANG MANGGAGAWA SA PANAHON NG MARTIAL LAW

*Salaysay ni Ka Jackson*



Naugnayan ako sa pagawaan ng *garments* sa Bataan Export Processing Zone, Mariveles, Bataan, taong 1980. Lider ako noon ng dilawang unyon, pero namulat ako't naging kasapi ng tunay, palaban at makabayang unyon (TPMU). Binigyan ako ng mga gawain at pag-aaral na Pangkalahatang kursong masa o Pakum na tawag noon sa *basic mass course* para maging *core* lider sa loob ng aming unyon.

Maaga akong nalantad na lider ng TPMU kaya agad akong pinatawan ng kapitalista ng isang linggong *suspension*. Nagpatulong ako upang labanan ang ginawang kaso sa akin, nahabol naman at binayaran ako ng kapitalista sa nasabing kaso. Nagpatuloy ako sa pag-oorganisa sa kapwa ko lider lalo pa nga't nanalo ako sa kaso.

Ipinutok namin sa kauna-unahang pagkakataon sa loob ng BEPZ ang aming welga. Oktubre noon. Natakot ako dahil wala pa kaming karanasan sa ganitong paglaban lalo't panahon pa ng Martial Law. Maingat naming pinasok ang loob ng sona ng pagawaan upang hindi kami mabuking ng mga pulis at gwardya ng engklabo. Bago magliwanag ng araw na 'yon, umabot na ang bilang ng mga magpipiket sa 200 mula sa 1,000 manggagawa ng aming pabrika. Matiyaga naming pinaliwanagan ang kapwa naming manggagawa na hindi kalahok sa piketlayn.

Bandang alas-8 ng umaga ay dumating na ang mga pulis at pinipilit buwagin ang aming welga. Hindi sila nagtagumpay dahil napalaki namin ang aming hanay—halos lahat ay sumama na sa aming laban at umabot 800 na kami. Agad pinuntahan ng kapitalista ang mga taga-Labor[1] para kami ay pagharapin. Nakakatuwa dahil napilitan ang kapitalista na kilalanin ang unyon namin at magkaroon ng CBA o Collective Bargaining Agreement. Malaking tagumpay!

1981, naging Kandidatong kasapi na ako sa Partido at sumabak na sa maraming usapin at laban. Lumahok ako sa mga rali at mga pumutok na laban. May isang laban na 'di ko makakalimutan, welga sa pagawaan ng sako na kaanib din ng aming unyon. Pinaggigiba ang aming piketlayn at 25 tao kaming dinampot. Isinakay kami sa *shuttle bus* at tinangkang dalhin sa kampo sa Balanga, sentrong bayan ng Bataan. Pito kaming lalaki at 18 ang kababaihan.

Habang nasa loob ng bus, nagkaisa kaming agawin ang manibela upang hindi kami madala sa kampo. Giniba namin ang mga upuan at saka hinarangan ang daan papunta sa *driver.* Galit na galit ang apat na PC[2] na *escort* ng bus. Itinigil ng *driver* ang bus dahil maaaksidente na kami kasama siya sa *zigzag* na kalsada.

Galit na galit ang mga PC pero wala silang magawa dahil kasama namin silang mahuhulog sa bangin. Tatlong beses na pinilit ng mga PC na subukang patakbuhin ang bus pero hindi nila ito nagawa. Tumawag sila sa CO[3] nila. At kalaunan ay wala silang magawa kundi ibalik kami sa loob ng sona ng engklabo at doon kami ikinulong sa *administration*, sa baraks ng pulis.

Dumating kami doon ng alas-4 ng madaling araw. Mabilis namang naglunsad ang unyon ng piket sa harap ng *admin*. May 5,000 na ang sumama bandang alas-2 na hapon, pagdating ng alas-4 ay nadoble na ang bilang.

Nakipag-usap na ang mga pulis at taga-Labor dahil ang plano, 'pag hindi kami pinalaya ay magwo-*walkout* ang lahat ng unyon kinabukasan. Natakot ang kapitalista kaya't pinalaya na kami ng hapon ding iyon. Pinabalik din sa trabaho ang mga manggagawang sumama dun sa binuwag na piket. Ginamitan kami ng dahas, pero sa bandang huli, tagumpay pa rin kaming mga manggagawa.

Taong 1983, isa ako sa mga nag-boluntaryo na sumama sa gawaing propaganda laban sa plantang nukleyar sa Bataan. Buwan ng Enero ay nag-umpisa na kaming magbahay-bahay sa tatlong bayan: Pilar, Limay at Mariveles. Ang layunin ay ipanawagan ang welgang bayan laban sa plantang nukleyar.

Marami kaming karanasan sa gawaing 'yun. May mga PC na laging nakabuntot sa amin. May kaso ring binabato kami ng nakabalot na tae at sinasabuyan ng ihi ng tao. May *barangay captain* na ayaw kaming papasukin sa kanilang barangay at iba pa.

Noong Mayo Uno ay nagmartsa-rali na kami mula sa Mariveles patungong Pilar, Bataan kung saan isasagawa ang welgang bayan. Sa Limay, sa bulubunduking bahagi roon, ay nagpakita ang BHB, mga 20 mandirigma sila. Tuwang-tuwa kami dahil noon lang kami nakakita ng Hukbo!

Mayo 3 sa Pilar, kinabukasan ay ipuputok na ang welgang bayan. Marami kami—umabot ng 15,000 ang manggagawa at may 10,000 ang mga magsasaka, ilang libo rin ang mga estudyante at taong-simbahan. Tumagal nang tatlong araw ang barikada. Sa pangatlong araw ay dumating ang tatlong trak ng PC at isang APC[4] (tangke). Binigyan kami ng *warning* na kapag hindi kami umalis ay sasagasaan kami at kakanyunin ang barikada.

Kahit may banta, hindi pa rin kami umalis. Aktong sasagasaan kami ay nag-hudyat ang mga pulis na butasin ang barikada. Ang ginawa namin, sumakay at sumabit kami sa tangke, paglampas nito ay muling isinara ng mga tao ang barikada.

Hindi nagtagal, napalibutan na namin ang tangke at lahat ng kayang sumakay sa ibabaw ay sumakay rito. Isa ako sa mga sumakay sa tangke. Wala na namang nagawa ang mga PC, pulis pati na ang APC. Alas-5 ng hapon, idineklarang tagumpay ang welgang bayan at umalis na bigo ang kumander ng PC na si Col. Alvarez.

[1] *Ministry of Labor*
[2] *Philippine Constabulary*
[3] *Commanding officer*
[4] *Armored personnel carrier*